

# Pahayag ng IAATO sa Pamamahala ng Basura

Na-update noong Hulyo 2017

Tinalakay ng Membership ng IAATO ang mga kasanayan sa pamamahala ng basura sa mga marine area na katabi ng teritoryo ng Antarctic Treaty at napagkasunduan nila na:

1. para sa mga sasakyang SOLAS na pinatatakbo ng Miyembro ng IAATO at mga yate ng IAATO (kung naaangkop), ang mga paghihigpit sa pagtatapon sa dagat mula sa mga sasakyang pandagat na nalalapat sa teritoryo ng Antarctic Treaty, alinsunod sa Protocol on Environmental Protection to the Antarctic Treaty at MARPOL 73/78, kabilang ang ang mga pinakabagong susog alinsunod sa Polar Code<sup>2</sup>, ay dapat palawigin nang pahilaga upang mailapat saanman sa timog ng Antarctic Convergence<sup>1</sup> (Polar Front);
2. ang lokasyon ng Antarctic Convergence ay karaniwang dapat ituring na linyang tumutukoy sa hilagang limitasyon ng Convention on the Conservation of Antarctic Marine Living Resources (CCAMLR) na itinakda sa Artikulo I, talata 4 ng Convention<sup>1</sup>, maliban kung ang pagsukat ng pagkakaiba-iba sa temperatura ng tubig sa dagat ay malinaw na nagtatatag ng lokasyon nito bilang mas hilaga pa;
3. nang may pangmatagalang layunin na pigilan ang anumang pagtatapon ng basura ng mga sasakyang pinatatakbo ng Miyembro ng IAATO sa mga paglalakbay sa Antarctic, ang lahat ng naturang sasakyang may kakayahang gawin ito ay mahigpit na hinihimok na panatilihin ang lahat ng basura on board para sa naaangkop na pagtatapon sa baybayin; at
4. Ang IAATO ay nagbubukas ng mga linya ng komunikasyon sa mga naaangkop na awtoridad sa mga gateway port na naglalayong isulong ang pagpapalawak ng mga pasilidad ng pagtanggap ng basura na mabuti para sa kapaligiran.

<sup>1</sup> Ang Antarctic Convergence ay dapat ituring na isang linyang nagdurugtong sa mga sumusunod na punto kasama ng mga parallel ng latitude at meridian ng longitude: 50°S, 0°; 50°S, 30°E; 45°S, 30°E; 45°S, 80°E; 55°S, 80°E; 55°S, 150°E; 60°S, 150°E; 60°S, 50°W; 50°S, 50°W; 50°S, 0°.

<sup>2</sup> Tingnan ang Appendix "Paano Pinoprotektahan ng Polar Code ang Kapaligiran." International Maritime Organization (IMO).